



| Grades 1 to 12 Daily Lesson Log | School | Guadalupe Elementary School | Grade Level | III |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher | Arian P. de Guzman | Learning Area | MAPEH |
| | Teaching Dates | Week 3 | Quarter | 3rd |

| DAY | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. LAYUNIN** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | The learner demonstrates understanding of the basic concepts of timbre | The learner demonstrates understanding of shapes, colors and principle repetition and emphasis through printmaking (stencils) | The learner demonstrates understanding of movement in relation to time, force and flow | The learner demonstrates understanding of factors that affect the choice of health information and products | |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | The learner applies vocal techniques in singing to produce a pleasing vocal quality:<br>1. using head tones<br>2. employing proper breathing<br>3. using the diaphragm | The learner exhibits basic skills in making a design for a print and producing several clean copies of the prints | The learner performs movements accurately involving time, force, and flow. | The learner demonstrates critical thinking skills as a wise consumer | |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto** | Nakakagamit ng tinig at ibang mapagkukunan ng mga tunog upang makabuo ng iba't ibang uri ng timbre (**MU3TBIIIb-5-6**) | Napagmamasdan na ang disenyo ay maaaring gamitan ng ritmo o paulit-ulit na paggamit ng mga linya at hugis at nabibigyang pansin ang pagkakaiba-iba ng mga hugis at linya sa ginawang disenyo(**A3PL-IIIc**). | 1. Makakilos o makagalaw ng tama sa mabagal, mas mabagal, pinakamabagal na tiyempo (**PE3BM-IIIa-b-17**);<br>2. Maipakita ang kilos sa mabagal, mas mabagal at pinakamabagal na tiyempo sa | Natalakay ang mga salik na nakakaimpluwensiya sa maigihang pagpili ng mga produkto at serbisyong maihahatid ng mga katulong natin sa komunidad para kayo ay manatiling malusog. (**H3CH-IIIbc-3, H3CH-IIIbc-4**) | Learners answer the assessment with 80% accuracy. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | saliw ng musika (**PE3MS-IIIa-h-1**); at<br>3. Makibahagi sa kasiya-siya at kawili-wiling pisikal na mga gawaing kaugnay nito.(**PE3PF-IIIa-h-15**). | | |
| **II. Nilalaman** | **Paggamit ng Tinig at Ibang Tunog sa Pagbuo ng Timbre** | **Finger Printing** | **Paggalaw sa Iba't Ibang Tiyempo** | **Mga Salik at Impluwensiya Nito sa Maigihang Pagpili ng Produkto at Serbisyo** | |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |
| **1. Mga Pahina sa Gabay ng Guro** | | | | | |
| **2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-mag-aaral** | | | | | |
| **3. Mga Pahina sa Teksbuk** | | | | | |
| **4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng *Learning Resource*** | Modyul 2 | Modyul 3 | Modyul 3 | Modyul 3 | |
| **B. Iba pang Kagamitang Panturo** | charts | watercolor | charts | charts | Worksheets |
| **IV. PAMAMARAAN** | | | | | |
| **A. Balik-aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin.** | Magbalik-aral sa nakaraang aralin. | Tukuyin kung tama o mali ang isinasaad sa bawat bilang. Isulat ang Tama o Mali sa iyong sagutang papel.<br>___________1. Ang Paper Marbling ay isang paraan ng sining na gumagamit ng putik sa pagdidisenyo. | Magbalik-aral sa nakaraang aralin. | Magbalik-aral sa nakaraang aralin. | **Arts**<br>Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap. Punan ang patlang.<br>1. Ang __________ ay isang paraan ng paglilimbag na gamit ang tatak ng mga daliri sa kamay. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | ___________2. Sa paper marbling ay makalilikha ka ng disenyo na maihahalintulad sa isang bato.<br>___________3. Malalaman mo sa paggawa ng paper marbling ang kahalagahan ng kalikasan.<br>___________4. Matutunan mo sa paper marbling kung paanong nagkakaugnay ang iba't ibang kulay.<br>___________5. Mararanasan mo sa paper marbling ang paglipat ng disenyo mula sa tubig patungo sa papel. | | | A. marbling<br>B. istensil<br>C. finger printing<br>D. kulay<br>2. Makagagawa ka ng iba't ibang disenyo ng Finger Printing sa pamamagitan ng ___________ lamang.<br>A. daliri<br>B. paa<br>C. mata<br>D. printing<br>3. Gamit ang mga linya at hugis na pinaulit-ulit at salit-salit mula sa mga linyang tuwid hanggang sa pakurbang mga linya para makita ang _________ o pagkakaiba.<br>A. Ink pad<br>B. Contrast<br>C. Finger Printing<br>D. linya<br>4. Isa sa mga kagamitan para sa Finger Printing ay ____________.<br>A. pintura/acrylic paint<br>B. gunting<br>C. putik<br>D.gas<br>5. Ang mga disenyo ng Finger Printing ay naipapakita sa mga _____________ at ______________ na nauulit gamit ang tatak ng mga daliri.<br>A. linya at hugis<br>B. tatak at kamay |
| **b. Pagganyak o Paghahabi sa layunin ng aralin/Motivation** | Iba't ibang uri ng tunog ang ating naririnig sa kapaligiran. Ito ay mga bagay na gawa ng tao o tunog na mula sa makinaryo, meron ding mga tunog na nanggagaling sa kalikasan. Ang mga tunog na ito ay karaniwang nanggagaling sa tinig ng isang tao, hayop, intrumento, transportasiyon at kalikasan. Nalilikha ang tunog sa pamamagitan ng pagkaluskos, ingay, dagundong, pagpukpok o pagpalo. Marahil, ikaw ay nakarinig ng mga tunog na ito sa iyong bahay, sa palengke, sa parke, sa radyo o telebisyon. Ang ating karaniwang naririnig ay may iba't ibang uri ng kalidad ng tunog at ang bawat bagay ay | Narito ang ilan sa mga halimbawa ng pintang pag-aaralan natin sa araling ito. Ito ay ginawa gamit ang mga daliri, watercolor o pintura, tubig, malinis na papel at malikhaing pagiisip. Pag-aralang mabuti ang bawat larawan.<br> <br>Ano ang iyong napansin sa dalawang larawan?<br>Anong mga kagamitan ang ginamit sa paggawa sa sining?<br>Nasubukan mo na bang gumawa na katulad ng nasa larawan?<br>Alam mo ba kung ano ang tawag dito? Kung paano ito ginagawa? | Alam mo ba na ang ating katawan ay may kakayahang gumawa ng iba't ibang kilos at galaw sa magkaibang tiyempo? Pagmasdan at pag-aralan ang mga larawan sa ibaba at sagutin ang kasunod na mga tanong.<br><br>Mga Tanong<br>1. Sino ang unang makaraarating sa pulang linya? Ikalawa? Ikatlo?<br>2. Bakit mo nasabi | Nakaranas ka na bang bumili sa ONLINE SHOPPING? Si Gng. Cruz ay isang nanay na may tatlong anak kaya't inaayos niya ang pagbubudget ng kaniyang bibilhin. Matalino siyang mamaimili sapagkat lagi niyang pinaplano ang kaniyang bibilhin o pagkakagastusan.<br>Nais niyang ibili ng CELLPHONE sa ONLINE SHOPPING ang kanyang bunsong anak na gagamitin sa pagsagot sa modyul, subalit tumanggi ito sapagkat mas gusto niya na magpaturo sa kaniyang ate at kuya upang hindi na bumili ang kanilang nanay. | |



| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | may sariling tunog na tumutukoy sa Timbre. Ito ay sadyang nagbibigay dagdag-sigla, aliw at kaligayahan sa ating pandinig. | Sa araling ito ay matututunan natin ang paggawa ng Finger printing. | | | C. Contrast at hugis<br>D. kulay at laki<br>**HEALTH**<br>Ano ang nakaiimpluwensiya sa iyo sa pagpili ng produkto? Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.<br>1. Hinihingi ko ang pahintulot ng aking magulang at mga kapatid tuwing may bibilhin ako sa ONLINE SHOPPING upang hindi ako matuksong bumili ng mga bagay na hindi ko kailangan.<br>A. budget C. kagustuhan<br>B. emosyon D. pag-uugali<br>2. Masayang-masaya ang kaibigan ko sa nabili niyang sapatos.<br>A. budget C. kagustuhan<br>B. emosyon D. pag-uugali<br>3.Nais kung bumili ng bagong motor na magagamit ko sa pagpasok.<br>A. budget C. kagustuhan<br>B. emosyon D. pag-uugali<br>4. Bago ako bumili ng isang produkto, inaalam ko kung may 50% -70% na diskuwento ang produkto mula sa kumpanyang gumawa nito.<br>A. kaibigan<br>B. presyo<br>C. media<br>D.sikolohikal (emosyon) |
| **C. Paglalahad o Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin.** | Basahin at pag-aralan mo ang tulang ito na may pamagat na ***"Ang Aming Mga Instrumento Sa Bahay" ni Mohamad D.M. Adier*** | Ang Finger Printing ay isang paraan ng paglilimbag na gamit ang tatak ng mga daliri sa kamay. Ito ay isang payak na gawaing sining dahil makakagawa ng iba't ibang disenyo sa pamamagitan ng daliri lamang. Madaling gawin ang Finger Printing. Sa pagdiin lamang ng mga daliri marami at may iba-ibang laki, kulay, at disenyo ang magagawa. Tulad ng ibang gawaing sining, ito ay tanggap hindi lamang ng mga bata kundi maging ano mang edad ng tao. Sa paggawa ng Finger Printing kailangan na ihanda mo ang mga kagamitan tulad ng lapis, bond paper, brush, acrylic paint, lalagyan, basahan, styrofoam na lapat, espongha o ink pad at iba pa. Narito ang ilan sa mga halimbawa ng finger printing:<br>  | Ang ating katawan ay may kakayahang gumawa ng iba't ibang kilos at galaw sa iba't ibang tiyempo. Ang tiyempo ay tumutukoy sa bilis o kabagalan ng paggawa ng kilos o galaw. Maaring gawin ang kilos o galaw sa mabagal, mas mabagal at pinakamabagal na paraan. Maaari nating gawin ang mga kilos sa nagkakaibang tiyempo sa saliw ng musika o isang awitin at maaari din nating iugnay sa pagkilos ng mga hayop. Magkakaiba man ang tiyempo ng pagkilos o paggalaw na nagagawa natin, subalit ang mga ito ay makatutulong upang mapatibay at mapalakas ang ating katawan. | Bilang isang nanay natuwa siya sapagkat isinaalang-alang din niya ang sumusunod.<br>1. Personal (kagustuhan) sa mga serbisyo na kinakailangan at nais mong magkaroon.<br>2. Ekonomik (budget)- ito ay tumutukoy sa mga produkto at serbisyong abot-kaya ng mga mamimili sa kinikita nito. Isinasaalang-alang dito ang kita ng pamilia.<br>3. Sikolohikal (emosyon) - tumutukoy ito sa nararamdaman ng mga konsyumer ayon sa pakikitungo ng mga pinagbibilhan at sa mga serbisyong natatanggap. Tiningnan din niya kung ang produkto ay may diskwento subalit garantisadong matibay at magagamit na pangmatagalan.<br>4. Etikal (pag-uugali) –tumutukoy ito sa tamang pag-uugali ng mga mamimili na nakikitungo sa mga inaasahang serbisyong natatanggap at pinagbibilhan. Kaya't tuwang tuwa siya sa desisyon ng kanyang bunsong anak. Masayang-masaya ang buong pamilya. | |
| **D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at** | 1. Ano-anong instrumento ang nabanggit sa tula? | Punan ang patlang at piliin sa kahon ang tamang sagot. | Pagmasdan ang mga larawan sa ibaba at gayahin ang pagkilos sa | 1. Ano-ano ang salik na isinaalang-alang ni Gng. Cruz sa | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **paglalahad ng bagong kasanayan #1** | a. tambol, gitara, telepono o cellphone at orasan<br>b. timpani, kudyapi, plauta at pompiyang<br>c. piyano, trumpeta, kulintang at bandurya<br>d. tambol, kudyapi, trumpeta, kampana<br>2. Ano ang tunog ng tambol?<br>a. ding-ding-ding<br>b. bum-bum-bum<br>c. cleng-cleng-cleng<br>d. tick-tock-tick-tock<br>3. Ano ang tunog ng isang gitara?<br>a. ting-ting-ting<br>b. tring-tring-tring<br>c. clang-clang-clang<br>d. kriiing-kriiing-kriiing<br>4. Kaya mo bang gayahin ang tunog ng isang tambol at gitara? Gayahin mo nga!<br>5. Paano mo binigkas ang tunog ng isang tambol? Ito ba ay may mabigat na kalidad ng tunog?<br>6. Paano mo naman binigkas ang tunog ng isang orasan? Ito ba ay may magaan na kalidad ng tunog o may matinis na uri ng tunog? | Finger Printing — kandila<br>Linya at Hugis — daliri<br>Pintura/acrylic paint — upuan<br>1. Makakagawa ka ng iba't ibang disenyo ng Finger Printing sa pamamagitan ng ___________ lamang.<br>2. Isa sa mga kagamitan para sa Finger Printing ay __________.<br>3. Ang __________ ay isang paraan ng paglilimbag na gamit ang tatak ng mga daliri sa kamay.<br>4-5. Ang mga disenyo ng Finger Printing ay naipapakita sa mga _______ at _______ na nauulit gamit ang tatak ng mga daliri. | tamang tiyempo ng bawat hayop upang masundan ang direksyon. Patnubay ng magulang o nakatatanda ay kailangan.<br><br> | pagpili ng produkto at serbisyo nito?<br>2. Matalino mamimili ba si Gng. Cruz?<br>3. Tama ba ng naging desisyon ng kaniyang bunsong anak?<br>4. Bilang isang pamilya, tama ba ang nagging desisyon nila?<br>5. Kung ikaw ang bata sa kuwento, tutularan mo ba siya? | 5. Sa panahon ngayon kailangan nating magpacheck-up sa kilala at pinagkakatiwalaan nating doctor kung tayo'y may ubo at lagnat upang makaiwas sa sakit na COVID19.<br>A. kaibigan<br>B. etikal (pag-uugali)<br>C. media<br>D. pamilya |
| **E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | Kilalanin ang bawat tinig ng myembro ng pamilya. Pagtambalin ang Hanay A sa Hanay B. | Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap. Piliin ang tamang sagot sa bawat bilang.<br>1. Nagagawa ang magagandang mula sa mga | Gawin ang iba't ibang kilos sa ibaba sa iba't ibang tiyempo. Lagyan ng tsek(/) ang hanay kung naisagawa ito sa mabagal, mas | Piliin sa kahon at isulat sa tabi ng larawan ang salik na nakaiimpluwensiya sa pagpili ng produkto at mga serbisyo. | |

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. tinig ng sanggol | a. Soprano |
| 2. tinig ni tatay | b. Alto |
| 3. tinig ni kuya | c. Tenor |
| 4. tinig ni nanay | d. Baho |
| 5. tinig ni lolo | |

tatak sa pamamagitan ng paggamit ng mga linya at hugis na inulit-ulit. A. disenyo
B. daliri
C. mukha
D. finger printing
2. Madaling gawin ang ______________ sa pagdiin lamang ng mga daliri na may iba-ibang laki , kulay , at disenyo.
A. daliri
B. finger printing
C. disenyo
D. Printing
3. Ang sumusunod ay mga kagamitan sa paggawa ng finger printing maliban sa _________.
A. banig
B. acrylic paint
C. brush
D. Styrofoam na lapat
4. Maaaring gamitin ang ritmo o paulit-ulit na paggamit ng mga _______________ at _______________ at nabibigyang pansin ang pagkakaiba-iba ng mga hugis at linya sa ginawang disenyo. A. Linya at hugis
B. finger printing
C. pintura at kulay
D. Tatak at diin
5. Ang finger printing ay isang payak na gawaing sining dahil makagagawa ng iba't bang disenyo sa pamamagitan ng ___________ lamang.

mabagal at pinakamabagal na tiyempo.

| Kilos | Tiyempo | | |
|---|---|---|---|
| | Mabagal (2 bilang) | Mas Mabagal (3 bilang) | Pinakamabagal (4 na bilang) |
| Pagpapaikot ng bukong-bukong ng paa  | | | |
| Walking (Paglakad)  | | | |
| Running (pagtakbo)  | | | |

| | |
|---|---|
| Ekonomik (budget) | Personal (kagustuhan) |
| Etikal (pag-uugali) | Sikolohikal (emosyon) |



1.____________



2.____________






3.____________




4.____________



5.____________

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | A. paa<br>B. mata<br>C. braso<br>D. daliri | | | |
| **F. Paglinang sa Kabihasaan tungo sa Formative Assessment (Independent Practice)** | Basahin at gayahin ang iba't ibang timbre ng tunog ng mga hayop o bagay sa sumusunod na larawan. Gamitin ang rubric sa pahina 13 ayon sa ipinakitang kakayahan sa pagbasa at paggaya ng tunog.<br>A.  Miaw Miaw<br>B.  Prrrt-Prrrt-Prrrt<br>C.  Breem-breem-breem<br>D.  Moo-Moo-Moo<br>E.  Broom!-Broom! | Gumawa ng sarili mong disenyo na maaaring makita sa inyong lugar gamit ang "finger printing". Sundin ang sumusunod na hakbang. Finger Printing Mga Kagamitan: lapis, bond paper, brush, acrylic paint, lalagyan, basahan, styrofoam na lapat, espongha (sponge) o ink pad.<br>**Pamamaraan:**<br>1. Ihanda ang pintura sa kaniya-kaniyang lugar na paglilimbagan. 2. Umisip ng kahit anong disenyo na nagpapakita ng mga linya<br>at hugis na nauulit gamit ang tatak ng mga daliri.<br>3. Subukin ang iyong naisip na ideya sa lumang diyaryo gamit ang mga linya at hugis na paulit-ulit at pinagsalit-salit mula sa mga linyang tuwid hanggang sa pakurbang mga linya para makita ang contrast o pagkakaiba.<br>4. Ihanda ang bond paper sa paglilimbag.<br>5. Ipahid ang daliri sa espongha na may pintura at gumawa ng maraming tatak sa bond paper.<br>6. Sikaping makagawa ng disenyong kakaiba. | Isayaw habang inaawit ang koro ng "Spaghetti Song" sa mabagal, mas mabagal at pinakamabagal na tiyempo. Gawin ito ng tatlong beses. Una-mabagal ikalawa-mas mabagal ikatlo- pinakamabagal Ispaghetti pababa, pababa ng pababa Ispaghetti pataas, pataas ng pataas Ispaghetti pababa, pababa ng pababa Ispaghetti pataas, pababa ng pababa. | Punan ang graphic organizer ng mga salik na nakaiimpluwensiya sa pagpili ng mga produkto at mga serbisyo.<br> | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td>7. Bigyang diin kung ano ang mas magiging mahalaga sa iyong sining. Ang linya, kulay, o hugis.<br>8. Patuyuin at lagyan ng pamagat.<br>
<table>
<tr><th>Paglalarawan</th><th>Pinakama-husay (5)</th><th>Mahusay (3)</th><th>Pagbutihin (1)</th></tr>
<tr><td>1. Nakalilikha ng Finger Printing na kaakit-akit ang disenyo.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>2. Naipakita ang pagiging pagkamalikhain sa ginawa.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>3. Natapos ang gawain sa takdang oras.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kabuoan</td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>G. Paglalapat ng Aralin sa pang-araw-araw na buhay</td>
<td>Pagtambalin ang tunog sa Hanay A sa mga larawan na nasa Hanay B.<br>
Hanay A / Hanay B<br>
1.Kring-Kring-Kring — a. <br>
2. Pok-Pok-Pok — b. <br>
3. Boom-boom-boom — c. <br>
4. Breem-Breem-Breem — d. <br>
5. Tik-ti-laok,tik-ti-laok — e. </td>
<td>Pagmasdan ang iyong paligid, lumikha ng Finger Printing. Sundin ang sumusunod na hakbang. Gawin ito sa isang malinis na papel. (hal. Mga uri ng puno sa inyong lugar gawain at tanawin na karaniwan sa iyong pamayanan)<br>
<table>
<tr><th>Paglalarawan</th><th>Pinakama-husay (5)</th><th>Mahusay (3)</th><th>Pagbutihin (1)</th></tr>
<tr><td>1. Nakalilikha ng Finger Printing na kaakit-akit ang disenyo.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>2. Naipakita ang pagiging pagkamalikhain sa ginawa.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>3. Natapos ang gawain sa takdang oras.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kabuoan</td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>Gumawa ng guhit sa loob o labas ng bahay na katulad ng nasa ibaba. Sundan ang mga paa sa loob ng bawat hugis sa pamamagitan ng paglukso-lukso at pagkandirit. Patnubay ng magulang ay kailangan. Gawin ito ng tatlong beses:<br>(1) mabagal<br>(2) mas mabagal<br>(3)pinakamabagal<br>

</td>
<td>Si Gng. Garcia ay isang mamimili. Lagi niyang isinasaalangalang ang mga salik na nakaiimpluwensiya sa pagpili ng mga produkto at serbisyo na kanyang bibilhin at pagkakagastusaan. Nais niyang ibili ng sapatos ang kanyang mga anak. Nagtanong siya sa tindera ng sapatos na mas mura, subalit matibay at tiyak na magugustuhan ng kanyang mga anak. Ang mga salik na naakakaimpluwensiya sa pagpili niya sa mga produkto at mga serbisyo ay ang sumusunod:__,__,__,__</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>H. Paglalahat ng Aralin<br>Generalization</td>
<td>Ano ang napapansin mo habang binibigkas at kinikilala mo ang bawat tunog ng instrumentong musika sa tulang “Ang Aming Mga Instrumentosa Bahay”?</td>
<td>Ang Finger Printing ay isang simpleng paraan ng paglilimbag ng mga disenyo gamit ang tatak ng mga daliri sa kamay. Nagagawa ang magagandang disenyo mula sa mga tatak sa pamamagitan ng paggamit ng mga linya at hugis na paulit-ulit.</td>
<td>Ang ating katawan ay may kakayahang gumawa ng iba’t ibang kilos at galaw sa iba’t ibang tiyempo. Maisasagawa ang kilos sa (1.)__________, __________ at __________ na tiyempo at paraan. Maaari nating ipakita o gawin ang mga kilos sa</td>
<td>Basahin nang maayos ang bawat pangungusap. Punan ng tamang sagot ang bawat patlang upang mabuo ito.<br>1.Ang ________ ay tumutukoy sa pansariling kagustuhan sa mga produkto o serbisyo na</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Madaling gawin ang Finger Printing. Sa pagdiin lamang ng mga daliri, marami at may iba't ibang laki, kulay, ang disenyo na magagawa. Tulad ng ibang gawaing sining, ito ay tanggap at kinagigiliwan ng mga bata at maging ano mang edad ng tao. | nagkakaibang tiyempo sa saliw ng (2)_____________. Mas kawili-wili at kasiya-siya kung magiging (3)____________ sa paggawa ng mga pisikal na gawaing makapagpapalakas at makapagpapatibay ng ating katawan. | kinakailangan at nais mong magkaroon at puntahan.<br>2. Ang _______________ ay tumutukoy sa mga produkto at serbisyong abot-kaya ng mamimili ayon sa kinikita nito.<br>3.Ang ________tumutukoy sa tamang pag-uugali ng mga mamimimili at serbisong inaasahan nilang makabubuti sa kanila.<br>4.Ang ______tumutukoy sa nararamdaman ng mga consumer ayon sa nabili niyang produkto at serbisyo.<br>5.Ang __________ tumutukoy sa kagustuhang pumunta sa lugar na makapagpapasya sa kanya. | |
| **I. Pagtataya ng Aralin Evaluation/Assessment** | Gayahin ang iba't ibang timbre ng tunog ng mga bagay o hayop sa sumusunod na larawan:<br>1.  Breem-breem-breem<br>2.  Prrrt-Prrrt-Prrrt<br>3  Boom-Boom-Boom<br>4.  Kreng-kreng-kreng<br>5 .  Broom-Broom-Broom | Isulat ang TAMA sa patlang kung ang pahayag ay wasto at MALI kung hindi .<br>________1. Gamit ang mga linya at hugis na pinaulit-ulit at salit-salit mula sa mga linyang tuwid hanggang sa pakurbang mga linya para makita ang contrast o pagkakaiba.<br>________2. Ang Finger Printing ay isang simpleng paraan ng paglilimbag ng mga disenyo gamit ang tatak ng mga daliri sa paa.<br>________3. Ang acrylic paint ay maaaring gamitin sa paggawa ng Finger Printing.<br>________4. Ang mga disenyo sa Finger Printing ay maaaring gamitan ng ritmo o paulit-ulit na | I-chant ang awit sa ibaba na itinuturo ang bahagi ng katawan at sinasabayan ng tamang pagkilos at tiyempong nakasaad dito. Gawin ito ng dalawang beses. *Paalala: Patnubay ng nakatatanda o magulang ay kailangan. Ito ay ulo iikot-ikot mo (mabagal) Ito ay balikat, i-twirl twirl mo (mas mabagal) Ito ay baywang iikot-ikot mo (pinakamabagal) Buong katawan I-shake (mabagal) I-shake (mas mabagal) I-shake, shake mo. (pinakamabagal) | Piliin sa kahon ang mga salik na nakaiimpluensiya sa iyong pumili ng mga produkto o serbisyo.<br>ekonomik etikal personal sikolohikal<br>____________ 1. Isinama ka ng ate mo sa isang pamilihang bayan. Pumili siya ng isang bestida. Sinabi niyang bumili ka rin ng katulad ng napili niya. Hindi ka bumili sapagkat sapatos ang gusto mong bilhin.<br>____________ 2. Sa pamimili, importante at laging tinitingan ni Aling Marina ang presyo ng kaniyang binibili sapagkat ang kinikita ng kanyang asawa ay sapat lang sa kanila. | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td>paggamit ng mga linya at hugis.<br>________5. Hindi nagagawa ang mga magagandang disenyo mula sa mga tatak sa pamamagitan ng paggamit ng mga linya at hugis na inuulit-ulit.</td>
<td></td>
<td>____________ 3. Sa pampublikong hospital kaagad nagpunta ang mag asawang Nitoy at Nita nang biglang lagnatin, ubuhin at nawalan ng panlasa ang kanilang anak na si Fatima sapagkat maintindi at maasikaso ang mga doktor dito.<br>____________ 4. Masayang-masaya si Pedro sapagkat ang nabili niyang cellphone ay may 50% diskwento.<br>____________ 5. Ang nanay ni Nora ay sa palengke namimili sapagkat mas mura doon kaysa sa kanilang pamilihang bayan.</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at remediation</td>
<td></td>
<td>Pagmasdan ang inyong paligid na may mga halaman. Gumawa ng Finger Printing na may disenyong bulaklak. Sundin ang hakbang sa paggawa nang may pag- iingat. Gawin ito sa isang buong papel
<table>
<tr><th>Paglalarawan</th><th>Pinakama-husay (5)</th><th>Mahusay (3)</th><th>Pagbutihin (1)</th></tr>
<tr><td>1. Nakalilikha ng Finger Printing na kaakit-akit ang disenyo.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>2. Naipakita ang pagiging pagkamalikhain sa ginawa.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>3. Natapos ang gawain sa takdang oras.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kabuoan</td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>Isagawa ang mabagal, mas mabagal, at pinakamabagal na tiyempo sa pamamagitan ng paggaya sa kilos ng bibe paikot sa upuan o maliit na mesa sa loob ng bahay habang inaawit ang “Ang Tatlong Bibe.” Paalala: Patnubay ng magulang o nakatatanda ay kailangan. Unang Pag-ikot: mabagal Ikalawang Pag-ikot: mas mabagal Ikatlong Pag-ikot; pinakamabagal<br>Sagutin ang mga tanong sa ibaba. Iguhit ang star kung sagot ay Oo at buwan naman kung Hindi.<br>1. Naigalaw mo ba nang maayos at tama ang iba’t -ibang kilos<br>sa mabagal na tiyempo?, ________<br>sa mas mabagal na tiyempo?, ________<br>sa pinakamabagal na tiyempo? ________<br>2. Naipakita mo ba ang kilos o galaw sa iba’t ibang tiyempo sa saliw ng musika? ________<br>3. Aktibo mo bang ginawa ang mga gawain. ________</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr><td>V. MGA TALA</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>VI. Pagninilay</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya** | | | | | |
| **B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation*** | | | | | |
| **C. Nakatulong ba ang *remedial*? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin** | | | | | |
| **D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation.*** | | | | | |
| **E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** | Creating an Inclusive Classroom | Active learning, incorporating more engaged activities that invite students to participate in learning, including developing conceptual awareness, applying knowledge through experience, and transferring skills across contexts | Collaborative learning, it helps students uncover and address gaps and misconceptions in knowledge, further develop their conceptual frameworks, improve their public reasoning and team-based skills, and free instructors to help students pursue higher order thinking. | Student-centered inquiry, it is a great way to generate curiosity among young learners and engage an inactive class. | Use of formative assessment, it checks learners' comprehension |
| **F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?** | Wala | Wala | Wala | Wala | Wala |
| **G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong** | Wala | Wala | Wala | Wala | Wala |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | | | | | |

Prepared by: **ARIAN P. DE GUZMAN**
*Grade 3 Adviser*

Checked by: **IRENE P. DE LA CRUZ**
*Master Teacher I*

Noted: **ERNESTO B. CASTRO**
*School Head/Head Teacher III*